

## Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Liga sa Palakasan ng Kabataan (Youth Sports Leagues)

### Kamakailang mga Pagbabago:

10/22/20: Nagdagdag ng pangungusap para linawin na kung may pagkakalantad sa impeksyon ng COVID-19 sa isang hindi nagbabago-bagong pangkat, ang lahat ng mga miyembro ng pangkat ay mangangailangan ng pagbubukod. Nilinaw ang mga kinakailangan sa pag-uulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan kapag ang isang programa sa palakasan ng kabataan (youth sports program) ay naabisuhan sa isang taong sa programa na may impeksyon ng COVID-19.

(mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw).

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health) ay ipinagtibay ang isang niyugtuang pamamaraan (staged approach), suportado ng siyensya (science) at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, upang payagan ang ilang mga lugar ng pagdarausan (venues) na muling makapagbukas ng ligtas. Ang mga kinakailangan na nasa ibaba ay partikular sa mga Programa sa Palakasan ng Kabataan (Youth Sports Programs) na pinahintulutan na maging bukas sa pamamagitan ng Utos ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa partikular na mga programang ito, ang mga uri ng programang ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa Listahang ito para sa mga Palakasan ng Kabataan.

Tandaan na ang protokol na ito ay nalalapat sa mga panglibangang liga sa palakasan ng kabataan, palakasan ng club (club sports), palakasan sa paglalakbay (travel sports), at palakasan na itinataguyod ng mga pribado at pampublikong paaralan na nagsisilbi sa mga mag-aaral sa mga TK-12 na paaralan. Hindi ito nilalayon na gamitin para sa mga liga sa palakasan ng matatanda (adult sports leagues), o palakasan ng amateur na matatanda (amateur adult sports), na dapat ay nananatiling sarado alinsunod sa Utos ng Opisyal ng Estadong Kalusugan. **Hanggang sa susunod na abiso, ang lahat ng mga aktibidad sa palakasan ng kabataan ay dapat na ganapin sa labas (outdoors).**

Mangyaring tandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring baguhin kung mayroong makukuha na mga karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan kung kaya't tiyaking bisitahin ang LA County website sa <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Pagprotekta at pagsuporta sa kalusugan ng mga empleyado at kostumer
- (2) Pagtiyak ng pisikal na pagdistansya (physical distancing)
- (3) Pagtiyak ng wastong pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa publiko
- (5) Pagtiyak ng pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong programa ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga Koponan sa Palakasan ng Kabataan (Youth Sports Team) ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na

ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop.

Pangalan ng Koponan/Liga sa  
Palakasan ng Kabatan:

Pangalan ng Coach at Address ng  
Pasilidad:

#### A. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG KALIGTASAN NG MANLALARO AT TAGA-PAGTURO

- Ang pisikal na pagdistansya na anim (6) na talampakan sa pagitan ng bawat manlalaro at pagitan ng mga manlalaro at mga taga-pagturo ay inaatas sa lahat ng oras.** Ang mga aktibidad sa palakasan ng kabataan ay limitado sa mga aktibidad na nagbibigay-daan sa lahat ng mga manlalaro at mga taga-pagturo na mapanatili ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng bawat isa sa lahat ng oras, at walong talampakan ang distansya sa mga oras ng mabibigat na paggamit ng pisikal. Ang mga aktibidad na ito ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa mga aktibidad ng pagsasanay, pagpapakondisyon, at pagbubuo ng kasanayan (skills-building). Ang kontak na palakasan (contact sports) ay hindi maaaring magsanay sa parehong pamamaraan na ginagawa nila dati para magsanay bago mag-COVID-19.
- Ang lahat ng mga manlalaro, taga-pagturo, miyembro ng pamilya at bisita ay inaatas na magsuot ng isang naaangkop na pantakip ng mukha (face covering) na tinatakpan ang ilong at ang bibig sa lahat ng oras, maliban habang lumalangoy, naliligo (showering), kumakain/umiinom, kapag nakikibahagi sa mabibigat na paggamit ng pisikal (habang nagpapanatili ng distansya na 8 talampakan o higit pa mula sa ibang mga tao), o nakikibahagi sa solong paggamit ng pisikal (tulad ng pansariling jogging). Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi maaaring gamitin. Hindi saklaw sa pagsusuot ng pantakip ng mukha ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng isang pantakip sa mukha dahil sa isang medikal na kondisyon, kondisyon sa kalusugang pangkaisipan, o kapansanan na nakapagpipigil na magsuot ng pantakip sa mukha. Ang mga manlalaro ay dapat na panandaliang mamahinga (take a break) mula sa ehersisyo kung may anumang hirap sa paghinga, at dapat na palitan ang kanilang maskara o pantakip sa mukha kung ito ay nabasa at dumidikit sa mukha ng manlalaro at humahadlang sa paghinga. Ang mga maskara na naghigpit ng daloy ng hangin sa ilalim ng mabibigat na pwera (tulad ng mga N-95 mask) ay hindi ipinapayo para sa ehersisyo.
- Ang [pagsusuri](#) (screening) ay isinasagawa bago ang mga manlalaro at mga taga-pagturo ay maaaring lumahok sa mga aktibidad sa palakasan ng kabataan. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, at lagnat o panggiginaw, at kung ang tao ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
  - Kung ang tao ay walang mga sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilala o pinaghihinalaang kaso sa nakaraang 14 na araw, maaari silang mapayagan na

- makilahok para sa araw na iyon.
- Kung ang tao ay nagkaroon ng pakikisalamuha/kontak sa isang kilala o pinaghihinalaang kaso ng COVID-19 sa huling 14 na araw, dapat silang pauwiin kaagad at sabihan na magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa [ph.lacounty.gov/covidquarantine](https://ph.lacounty.gov/covidquarantine).
  - Kung ang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas, dapat silang pauwiin kaagad at sabihan na magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa [ph.lacounty.gov/covidisolation](https://ph.lacounty.gov/covidisolation).
- Hanggang sa susunod na abiso, ang lahat ng mga aktibidad sa palakasan ng kabataan ay dapat lamang na ganapin sa labas (outdoors). Ang mga koponan ay maaaring gumamit ng kulandong (canopy), o iba pang panglilim sa araw (sun shelter), ngunit kung ang mga gilid ng kulandong o panglilim sa araw ay hindi sarado at may sapat na paggalaw ng hangin sa labas.
  - Ang lahat ng mga kaganapan sa palakasan ng kabataan, kabilang ang mga torneyo (tournaments), kaganapan o kumpetisyon ay hindi pinahihintulutan ngayon. Ang mga larong praktis (practice game) ng mga manlalaro ng parehong koponan (mga larong intra-squad, mga pag-eensayo [scrimmages], at/o mga labanan) ay pinapayagan lamang para sa mga walang-kontak na palakasan (non-contact sports). Ang mga walang kontak na palakasan ay kinabibilangan ng lahat ng mga palakasan na nagpapahintulot sa lahat ng mga manlalaro sa laro, scrimmage o labanan na makapagpanatili ng 8 talampakang distansya sa pagitan ng isa't isa sa kumpetisyon (halimbawa, singles na labanan sa tennis, mga laban ng golf, ilang mga laro sa track and field).
  - Ang lahat ng mga lugar na kinauupuan na wala sa palaruan (seated off-field or off-court) ng mga manlalaro (hal., sa bench, dugout, bullpen) ay nirekumpigura para lumikha ng karagdang upuan ng sa gayon ang mga manlalaro at mga empleyado ay makapagpanatili ng pisikal na distansya na 6 na talampakan habang nasa lugar.
  - Ang mga programa sa palakasan ng kabataan ay dapat na tiyakin na ang mga manlalaro ay nananatiling nasa isang matatag na pangkat (a stable cohort) para limitahan ang panganib ng transmisyon (tingnan ang [CDC Gabay sa mga Paaralan at Pagpapangkat \[Cohorting\]](#)).
  - Isaalang-alang ang muling pagdidisenyo ng mga aktibidad sa palakasan ng kabataan para sa mga mas maliliit na grupo at muling pagsasaayos sa mga espasyo sa pag-sasanay at laro upang mapanatili ang pisikal na paghihiwalay.
  - Hanggang sa pinaka-praktikal, ang mga manlalaro ay hinihikayat na magdala ng kanilang sariling kagamitan (halimbawa, mga pamalo o bat, golf clubs, mga raketa) sa pag-sasanay at huwag maghiraman ng kagamitan. Ang mga manlalaro ay maaaring makisali sa limitadong pagbabahagi ng kagamitan, tulad ng pagsipa sa isang bola ng soccer sa pagitan ng dalawang manlalaro, o paghagis ng isang baseball, football o frisbee bilang bahagi ng mga ehersisyo sa skill-building. Gayunpaman, ang pagbabahagi ng isang kagamitan sa pamamaraang ito ay dapat lamang sa itinalagang mga pares ng manlalaro, hindi bilang isang aktibidad ng grupo. Kung ang kagamitan ay dapat na mapagsaluhan, ito ay dinidisipekta sa pagitan ng paggamit ng magkakaibang mga tao para bawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19.
  - Ang mga manlalaro, taga-pagturo, at empleyado ay hindi hinihikayat sa paggawa ng hindi kinakailangang pakikisalamuha/kontak sa isa't isa (halimbawa, mga pag-aapir [high-fives], pagkamay, pagbundol ng kamao [fist bumps]) para limitahan ang potensyal na pagkalat ng sakit.

- Ang mga koponan ng palakasan na makakapasok sa panloob na banyo at mga pasilidad ng locker ay maaaring magamit ang mga ito para sa mga layunin ng paglilinis ng kamay, pagpapalit ng damit, pag-ligo, at paggamit ng mga banyo. Gawing halinhinan ang pagbisita sa silid ng locker (locker room) o banyo para magpahintulot ng pisikal na pagdistansya habang nasa loob (indoors).
- Ang anumang mga locker room o banyo na ginagamit ay madalas na dinidisimpekta, sa sumusunod na iskedyul:
  - Mga locker room

---

  - Mga banyo

---

  - Iba pa

---
- Ang mga manlalaro at mga taga-pagturo ay dapat na gumamit ng hand sanitizer kapag ang paghuhugas ng kamay ay hindi praktikal. Ang sanitizer ay dapat na kuskusin sa mga kamay hanggang matuyo. Tandaan: ang madalas na paghuhugas ng kamay ay mas epektibo kaysa sa paggamit ng mga hand sanitizer, lalong-lalo na kapag kitang-kitang madumi ang mga kamay.
- Ang mga bata na wala pang 9 na taong gulang ay dapat na gumamit ng hand sanitizer sa ilalim ng pangangasiwa ng matatanda. Tawagan ang Kontrol ng Lason (Poison Control) kung nakakonsumo: 1-800-222-1222. Ang mga hand sanitizer na naglalaman ng ethyl alcohol ay mas mainam, at dapat na gamitin kapag may posilbad ng hindi napapangasiwang paggamit ng mga bata. Ang isopropyl na mga hand sanitizer ay mas nakakalason at maaaring sumipsip (absorbed) sa balat.
- Hikayatin ang mga manlalaro na magdala ng kanilang sariling pauna ng pinuno (pre-filled) na paulit-ulit na magagamit (reusable) o biniling mga bote ng tubig. May mga inuman (water fountains) na magagamit para punuin lamang ang mga bote. Hindi dapat uminom sa parehong lagayan ng inumin o napagsasaluhang inumin ang mga manlalaro.
- Kapag pumipili ng mga produkto sa paglilinis, gamitin ang mga aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa listahang “N” ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga tagubilin ng produkto. Ang mga produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na mas ligtas sa mga indibdiwal na may hika.
- Gumamit ng mga pandisimpekta na tinaguriang epektibo laban sa lumalabas (emerging) na viral pathogens, na sumusunod sa mga direksyon sa label o tatak para sa naaangkop na paghahalo at mga oras ng kontak. Magbigay ng mga pagsasanay ng empleyado tungkol sa mga panganib ng mga kemikal, mga direksyon ng tagagawa, at mga kinakailangan ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit.
- Ang mga kawani sa pag-iingat (custodial staff) na may responsibilidad sa paglilinis at pagdidisimpekta ng lugar ay dapat na may suot na wastong pamprotektang kagamitan, kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan, at iba pang pamprotektang kagamitan bilang inaatas ng mga tagubilin sa produkto. Ang lahat ng mga produkto ay dapat na itago sa hindi naaabot ng mga bata at itabi sa espasyo na may hinigpitang akses.
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit,

o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.

- Ang mga manggagawa ay pinagkakalooban ng impormasyon sa mga benepisyong bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado para mapagaan ang pinansyal habang nananatili sa bahay. Tingnan ang mga karagdagang impormasyon sa [mga programa](#) ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng [Families First Coronavirus Response Act](#), at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagkakaugnay sa trabaho ng COVID-19 na paglantad na naganap sa pagitan ng Marso 19 at Hulyo 5 alinsunod sa [Executive Order N-62-20](#) ng Gobernador.
- Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado, taga-pagturo o manlalaro ay nasuring positibo para sa, o nagkaroon ng mga sintomas katulad ng COVID-19 (kaso), ang koponan ay may plano o protokol na inihanda upang ang (mga) kaso ay [maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay](#), at mangailangan ng agarang [pagbubukod sa sarili](#) ang lahat ng mga empleyado, [mga taga-pagturo at manlalaro](#), na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. [Kung may pagkakalantad sa impeksyon ng COVID-19 sa isang hindi nagbabago-bagong pangkat sa isang programa sa palakasan ng kabataan, ang lahat ng mga miyembro ng hindi nagbabago-bagong pangkat ay mangangailangan ng agarang pagbubukod sa sarili.](#)
- Ang plano ng koponan o liga ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga nakabukod na indibidwal na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung nagkaroon ng karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa [pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho](#).
- Ang [mga pagsusuri sa empleyado](#) ay maaaring isagawa bago pumasok ang mga empleyado sa lugar ng trabaho. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, at lagnat o panggiginaw, at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- [Ang taga-pagturo o ang liga ay inatasan na iulat ang lahat ng mga impeksyon ng COVID-19 sa isang programa sa palakasan ng kabataan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pagkumpleto sa \[COVID-19 Listahan ng Linya ng Kaso at Kontak para sa Pang-edukasyong Sektor\]\(#\) sa loob ng isang araw na may pasok nang pag-abiso sa kaso.](#) Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa mga miyembro ng [programa sa palakasan ng kabataan sa tagal na 14 na araw, ang taga-pagturo o ang liga ay dapat na agad na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pag-email sa \[ACDC-Education@ph.lacounty.gov\]\(mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov\) o pagtawag sa \(888\) 397-3993 o \(213\) 240-7821.](#) Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, pasisimulan ng Pampublikong Kalusugan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang



teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan (public health case manager) ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang matulungan ang pagtugon ng pasilidad.

- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, ng walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang tela na akma (form fitting) sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga mask na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- Ang mga empleyado ay inuutusan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip ng mukha.
- Ang mga empleyado, mga taga-pagturo, at mga miyembro ng koponan ng kabataan ay pinaaalalahanan na sumunod sa mga aksyon ng personal na pag-iiwas kabilang ang:
  - Manatali sa bahay kapag may sakit.
    - Manatili sa bahay ng hindi bababa sa 10 na araw pagkatapos nagsimula ang iyong mga sintomas, AT hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos na gumaling, na nangangahulugan na ang iyong lagnat ay gumaling na ng hindi gumagamit ng mga gamot na nakapagpapababa ng lagnat at mayroon ng pagbuti sa iyong mga sintomas (hal., ubo, pangangapos ng hininga).
    - Kung ikaw ay positibong nasuri para sa COVID-19 ngunit hindi kailanman nagkaroon ng anumang mga sintomas, dapat kang manatili sa bahay hanggang:
      - 10 araw pagkatapos ng petsa ng unang positibong pagsusuri (first positive test), ngunit
      - Kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas, kailangan mong sundin ang mga tagubilin sa itaas.
  - Hugasan ng madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo. Kung walang magamit na sabon at tubig, gumamit ng nakabatay sa alkohol na hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol. Hugasan ang iyong mga kamay bago kumain, pagkatapos na gamitin ang banyo, at pagkatapos na umubo at bumahing.
  - Takpan ang iyong pag-ubo at pagbahing gamit ang isang tisyu, at itapon ang tisyu pagkatapos, at agad na hugasan ang iyong mga kamay. Kung wala kang tisyu, gamitin ang iyong siko (hindi ang mga kamay mo).
  - Huwag hahawakan ang iyong bibig, mga mata, at ilong gamit ang hindi nahugasang mga kamay.
  - Iwasan ang pakikisalamuha sa mga taong may sakit.
  - Iwasan ang pakikipagsalo ng mga gamit tulad ng mga telepono o iba pang mga aparato. Kung ang mga aparato ay dapat na pagsaluhan, siguruhin na punasan sila gamit ang

isang pandisimpektang pamunas bago at pagkatapos ng pagsasalo.

- Palagiang sundin ang iyong distansya sa trabaho na may kaugnayan sa iba pang mga kawani at manlalaro. Palaging panatilihin ang nirerekomendang 6 na talampakang layo mula sa ibang mga tao, maliban kung ang partikular na mga itinalagang trabaho ay nangangailangan ng mas kaunting distansya, at magsuot ng isang telang pantakip ng mukha kapag nagtatrabaho malapit sa ibang mga tao o kasama ang ibang mga tao.
  - Idisimpekta ang mga madalas na nahahawakang bagay at ibabaw. Dapat gawin ito oras-oras sa mga oras ng trabaho.
- Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng mga empleyado, kabataan, at pamilya.

## **B. PAGPAPANATILI NG MGA PROTOKOL**

- Ang mga pagtitipon ng grupo ay ipinagbabawal, at ang mga upuan at mesa ay tinatanggal o hinaharangan dahil ang mga ito ay hindi maaaring gamitin.
- Ang mga bagay o item na karaniwang ginagamit ay regular na nililinis o sina-sanitize.
- Ang mga kagamitan na karaniwang ginagamit ay nililinis o sina-sanitize bago at pagkatapos gamitin.
- Ang mga banyo ay regular na nililinis o sina-sanitize.
- Ang mga tubigan (water fountains) ay magagamit para punuin lamang ang mga bote ng tubig.

## **C. PAGESUSUBAYBAY SA MGA PROTOKOL**

- Nakapaskil ang karatula o signage na pang-instruksyon at pang-impormasyon sa kabuuan ng pasilidad tungkol sa pagkontrol ng impeksyon, pisikal na pagdistansya, at ang paggamit ng mga pantakip ng mukha. Ang mga online outlet ng programa sa palakasan ng kabataan (website, social media atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa pisikal na pagdistansya, paggamit ng mga pantakip ng mukha, at iba pang mga isyu.
- Mga palatandaan/signs ay nakapaskil na inuutusan ang mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas sa palahingahan.
- Ang mga taga-pagturo at mga tagapamahala ng liga ay sinusubaybayan ang pagtupad sa mga nakapaskil na paghihigpit.
- Ang mga kalahok ay paaalisin kung hindi sumusunod sa mga paghihigpit na ito.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kasama sa itaas ay dapat na nakalista sa hiwalay na mga pahina, na dapat ilakip ng tagapag-ugnay ng palakasan ng kabataan sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng  
Pamunuan ng  
Palakasan ng  
Kabataan:

Numero ng  
telepono:

---

---

Petsang Huling  
Nirebisa:

---